

# “You Must Be Born Again”

---

July 11, 2010 | By Derick Parfan | Scripture: John 3:1-15

Now there was a man of the Pharisees named Nicodemus, a ruler of the Jews. This man came to Jesus by night and said to him, “Rabbi, we know that you are a teacher come from God, for no one can do these signs that you do unless God is with him.” Jesus answered him, “Truly, truly, I say to you, unless one is born again he cannot see the kingdom of God.” Nicodemus said to him, “How can a man be born when he is old? Can he enter a second time into his mother’s womb and be born?” Jesus answered, “Truly, truly, I say to you, unless one is born of water and the Spirit, he cannot enter the kingdom of God. That which is born of the flesh is flesh, and that which is born of the Spirit is spirit. Do not marvel that I said to you, ‘**You must be born again.**’ The wind blows where it wishes, and you hear its sound, but you do not know where it comes from or where it goes. So it is with everyone who is born of the Spirit.” Nicodemus said to him, “How can these things be?” Jesus answered him, “Are you the teacher of Israel and yet you do not understand these things? Truly, truly, I say to you, we speak of what we know, and bear witness to what we have seen, but you do not receive our testimony. If I have told you earthly things and you do not believe, how can you believe if I tell you heavenly things? No one has ascended into heaven except he who descended from heaven, the Son of Man. And as Moses lifted up the serpent in the wilderness, so must the Son of Man be lifted up, that whoever believes in him may have eternal life.”<sup>1</sup>

## Inside or Outside

Tanungin mo ang maraming tao, “Ano ang mas mahalaga, ang panlabas ng tao o ang panloob?” Karaniwang sagot, “Siyempre panloob!” Pero kung sa ginagawa nila ang pagbabasehan, kabaligtaran naman ang sagot. Paano ba ginagastos ang pera o saan nauubos ang oras? Kung ano ang damit na bibilhin o anong ayos ng buhok. Lalo na sa mga artista, nose lift at facelift kay Vicky Belo. Pagbili ng sabong kailangan ay hindi lang panlinis kundi pampaputi rin. Pati sa katayuan sa buhay, ganyan din. Pag pinag-aral ang anak gusto pa sa mamahalin para sikat, kahit ipangutang gagawin. Pagdating sa relihiyon, ganoon din. Basta dumadalo sa pagsamba o mga gawain ng church, yun na ang mahalaga para sa maraming nagsasabing Cristiano sila. Sa nakikitang ginagawa, karamihan ng mga tao ay mas pinahahalagahan ang panlabas na kaanyuan at katatayuan sa buhay kaysa sa panloob na kalagayan ng puso at relasyon sa Diyos.

Sa panahon ni Jesus, may mga tao ring ang pinakamahalaga sa kanila ay kung ano ang nakikita ng mga tao. Basta “pogi points” ang isang gawain tulad ng istriktong

---

<sup>1</sup> Unless otherwise indicated, Scripture quotations are from the *English Standard Version* (Wheaton, IL: Crossway, 2001) and *Ang Biblia* (Philippine Bible Society, 2001). Scripture quotations marked by MBB are from *Magandang Balita Biblia* (Philippine Bible Society, 2005).

pagsunod sa kautusan o tradisyon gagawin. Basta masabing relihiyoso at higit na matuwid kaysa mga tinatawag nilang “makasalanan” lahat ng puwedeng gawin gagawin nila. Akala nila magiging tanggap sila ng Diyos basta nagagawa nila ang mga ritwal nilang pangrelihiyon. Ang tawag sa kanila ay Fariseo. Hindi nila gusto ang mensahe ng Panginoong Jesus. Pangunahing kritiko at palaging nakakontra sa kanya. Humahanap palagi nang maipipintas sa kanyang ginagawa at sinasabi. Iyan ang mga Fariseo.

Isa si Nicodemo sa mga Fariseo. Isa rin siyang “pinuno ng mga Judio” (v. 1), kabilang sa Sanhedrin, ang pangunahing namamahala sa mga Judio, na binubuo ng 70 katao. Mayaman, may magandang katayuan sa lipunan. Tinitingala ng mga Judio. Siya’y isa sa mga pangunahing tagapagturo ng Kasulatan at ng relihiyon sa panahon nila, ayon na rin kay Jesus (v. 10).

### **Jesus: More than Just a Teacher**

Halos lahat ng mga kasama niyang Fariseo hindi kinkilalang si Jesus ay galing sa Diyos. Iba si Nicodemo. Isang gabi lumapit siya kay Jesus. Kung bakit gabi, hindi natin alam. Lumapit siya hindi bilang katawan ng mga Fariseo. Isa na siya sa nakakakita ng mga himala ni Jesus at sinasabing galing sa Diyos ang mga iyon. Sinabi niya kay Jesus, “Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na mula sa Diyos; sapagkat walang makakagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, malibang kasama niya ang Diyos” (v. 2). Ang “Rabi” ay ang tawag nila sa mga guro na may kasamang pagrespeto. Isa na si Nicodemo na kumikilala na ang awtoridad ni Jesus na magturo ay galing sa Diyos. Nakita niya o nabalitaan marahil na si Jesus ay nagpapagaling ng sakit at gumagawa ng himala. Kaya naman naintriga na siya, pati marahil ilan sa mga kasama niya Fariseo.

Ngunit si Jesus ay hindi lamang dapat kilalang guro, na kapantay din ng mga tulad ni Nicodemo. Marami sa mga tao ngayon ang may paggalang at pagrespeto kay Jesus at tinatawag siyang Panginoon o isang modelo sa pamumuhay nang ayon sa Diyos. Ngunit higit pa roon si Jesus. Siya ay tunay na tao at tunay na Diyos din (1:1, 14). Nang gamitin niya ang katagang “Anak ng Tao” (3:13-14) upang tumukoy sa kanyang sarili, nagpapakita ito ng katatayuan bilang isang sugo na galing sa Diyos na taglay ang awtoridad ng Diyos. Bago ang pag-uusap nilang ito ni Nicodemo, ipinakilala ni apostol Juan si Jesus na ganito:

...marami ang sumampalataya sa kanyang pangalan, nang kanilang makita ang mga ginawa niyang tanda. Subalit hindi ipinagkatiwala ni Jesus ang kanyang sarili sa kanila sapagkat *kilala niya ang lahat ng mga tao*, at hindi niya kailangan ang sinuman upang magpatotoo tungkol sa tao, sapagkat *alam niya ang isinasalob ng tao* (2:23-25).

Ngayon narito ang isang prominenteng pinunong Judio. Kaharap ang Panginoong nagmamay-ari ng buhay ng lahat, at nakakaalam ng puso at isip ng tao. Ano kaya ang sasabihin niya kay Nicodemo? Sasabihin niya kaya ang kanyang paghanga sa kanyang katayuan sa buhay at magbibigay lang ng ilang mga “tip” kung paano maging mas

maayos o mas maginhawa ang buhay? Sasabihin niya kaya ang gusto lang marinig ni Nicodemo? Hindi! Sinabi niya kung ano ang unang-unang kailangan niya bago pa ang lahat sa buhay. Walang pakiaalam si Jesus kung ano ngayon ang estado mo sa buhay, o antas ng pinag-aralan mo, o kung ano ang tingin sa iyo ng tao. Kung ang sasabihin niya kay Nicodemo ay hindi mo papakinggan at hindi magiging totoo sa iyo, kabilang ka sa pinakakawawang tao.

### **The New Birth is Absolutely Necessary for Salvation**

Alam ni Jesus kung ano ang mga nasa saloobin o iniisip ni Nicodemo, kaya alam niya kung ano ang sasabihin niya. Kung kinikilala niyang si Jesus ay guro na galing sa Diyos, dapat pakinggan niya ito, “Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ‘Malibang ang isang tao’y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos’” (v. 3). Ang isang tao ay maliligtas lamang kung makikita niya ang kaharian ng Diyos o siya’y magpapasakop sa paghahari ng Diyos. Kung hindi, siya ay nagpapatuloy sa pagrerebelde. Sinasabi ni Jesus na maliligtas ang isang tao kung siya ay magiging “born again.” This is absolutely necessary for everybody. This is not an option. Kung hindi ka “born again” hindi ka tunay na ligtas. Kaya bago natin talakayin ang ilan pa sa mga utos ni Cristo bilang Panginoon, dapat mauna ito. Kung wala ito, walang kabuluhan ang iba pa, at sa impiyerno din ang kahahantungan natin. Kung hindi ka tunay na “born again,” ayon kay Jesus, “hindi [ka] makakapasok sa kaharian ng Diyos” (v. 5). Doon ka sa labas, kasama ang lahat ng mga rebelde at makasalanan at mga kampon ni Satanas.

Mahalaga ito kaya inulit pa niya, “Do not marvel that I say to you, ‘You must be born again’” (v. 7). Hindi membership sa isang relihiyon ang pinag-uusapan dito. Huwag mong sabihing, “Hindi ba’t Born-Again Church naman ang dinadaluhan ko? Hindi ba’t ligtas na ako noon?” Para ka ring mga Fariseo kung ganoon! Iniisip nila na dahil sila’y mga Judio ay ligtas sila. Para ka ring mga sikat na artista ngayon na sinasabing born-again sila at naririnig pa sa kanilang mga labi ang pangalang Jesus, ngunit ganoon pa rin ang lifestyle.

Ang salitang ginamit sa “born again” o muling kapanganakan ay maaari ding mangahulugang “mula sa itaas” na tumutukoy sa gawa ng Diyos sa isang tao. Maaaring dalawa ang kahulugan nito. Kailangan ang muling kapanganakan, at ang kapanganakang ito ay siyang galing din sa Diyos. Hindi pisikal, kundi espirituwal. May bagong buhay. May bagong isip. May bagong puso. May bagong mga pangarap. Bago na ang nakikita. Bago na ang lahat! Jesus is calling here for radical change! Without this change, salvation is impossible! Kahit ano pang gawin ng tao.

Kailangang mangyari ito. Pero sa isang tao na ang gusto ay maging mabango ang pangalan sa ibang tao o may maiambag na mabuting gawa sa kaligtasan, napakahirap ng sinasabi ni Jesus. Hindi lang napakahirap kundi imposible! Kaya nga nasabi ni

Nicodemo, “Paanong maipapanganak ang isang tao kung siya’y matanda na? Makakapasok ba siyang muli sa tiyan ng kanyang ina, at ipanganak?” (v. 4). Sa unang tingin (at ito ang karaniwang paliwanag ng ibang pastor), parang pisikal na kapanganakan ang pagkakaintindi ni Nicodemo, bagamat espirituwal ang binabanggit ni Jesus. Hindi naman parang mahina ang ulo nito. Alam ng mga Judio ang tungkol sa new birth, at alam ito ni Nicodemo bilang isang guro. Para sa mga rabi, ang isang Hentil na yumakap sa Judaismo ay parang isang bagong panganak na sanggol.<sup>2</sup>

Kung gayon, parang ganito ang sinasabi ni Nicodemo: “I can’t start all over. It’s too late. I’ve gone too far in my religious system to start over. There’s no hope for me if I must begin from the beginning.”<sup>3</sup> Sa puntong ito, hindi pa niya kayang tanggapin ang sinasabi ni Jesus. Sa tingin niya ay wala namang problema sa kanyang relihiyon. Hindi ba’t ganyan din ang nagiging reaksiyon ng iba sa atin? Ayaw tanggapin na kailangang may malaking pagbabago na mangyari sa kanila dahil ang nasa loob nila ay puso na hindi tanggap sa Diyos.

### **The New Birth is Wholly the Spirit’s Work**

Maaaring nagtatanong ka kung ano ba ‘yang “born again” na sinasabi ni Jesus. Paano mangyayari ‘yan? Pakinggan ninyo ang sabi ni Jesus, “Katotohanang sinasabi ko sa iyo, malibang ang isang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos” (v. 5). The new birth is about being “born of water and Spirit.” Malinaw na ito ay gawa ng Espiritu Santo. Ngunit ang pinagtatalunan ng iba ay tungkol sa kung ano ang ibig sabihin dito ng “tubig.” Suporta ito ng Romano Katoliko sa “baptismal regeneration” pero ni wala namang tinukoy si Cristo tungkol sa bautismo dito, at taliwas ito sa itinuturo ng Bibliya na ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng mabuting gawa kundi ng pananampalataya kay Cristo.

Isang maaaring patukuyan nito ay ang gamit ng tubig sa mga “ceremonial washings” na sumisimbolo sa paglilinis sa ating mga karumihan dahil sa kasalanan. Malamang na nais ni Jesus na isipin ni Nicodemo dito ang pangako ng Diyos na “new birth” na sa Lumang Tipan pa lang ay malinaw nang makikita:

I will sprinkle *clean water* on you, and you shall be *clean* from all your uncleannesses, and from all your idols I will *cleanse* you. And I will give you a *new heart*, and a *new spirit* I will put within you. And I will remove the heart of stone from your flesh and give you a heart of flesh. And I will put *my Spirit* within you, and cause you to walk in my statutes and be careful to obey my rules (Ezekiel 36:25-27).

---

<sup>2</sup> William Barclay, *The Gospel of John: Volume 1 (Chapters 1-7)*, rev. ed., The Daily Study Bible Series (Philadelphia: The Westminster Press, 2000), 126.

<sup>3</sup> John F. MacArthur, Jr. *The Gospel According to Jesus*, rev. ed. (Grand Rapids: Zondervan, 2008), 54.

Marumi tayo at walang anumang sikap natin ang makapagpapalinis sa atin. Matigas ang puso natin at walang anumang lakas ng pukpok natin ang makapagpapalambot nito. Masuwayin tayo sa mga utos ng Diyos at walang anumang sariling kusa natin ang makapagbabago sa atin upang maging masunurin. Kailangan natin ang pagkilos ng Diyos Espiritu Santo. Sabi ng Diyos, "I will, I will, I will, I will." Ang mensahe ni Cristo ay ang marealize natin ang new birth ay gawa ng Diyos. It is wholly the Spirit's work. Noong tayo'y ipanganak ng ating mga magulang, tayo ba ang nagdesisyon? Nakadepende tayo sa gawa ng Diyos, hindi sa magagawa natin. Sa desisyon ng Diyos, hindi sa desisyon natin. According to John Murray's reflection on the new birth, "We are as dependent upon the Holy Spirit as we are upon the action of our parents in connection with our natural birth."<sup>4</sup>

### **The Nature of the New Birth Calls for Dependence, not Contribution**

Ang dami nang naiambag ni Nicodemo sa kaligtasan kung ang kaligtasan ay ayon sa gawa ng tao. Ngunit ayon kay Jesus, hindi ito ang kailangan niya. Kaya huwag nating tanungin, "Ano ang maiaambag ko sa kaligtasan?" Wala! Kasi nga ito ay espirituwal na pagbabago sa tao. Hindi ito nadadala sa mga panlabas na pakitang-tao. Kaya sabi ni Jesus, "Ang ipinanganak ng laman ay laman at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu" (v. 6). Ipinanganak ka ng mga magulang mo na makasalanan dahil sila rin ay makasalanan (kahit Cristiano na sila). Kung ikaw ay magkakaanak, makasalanan din ang ipapanganak mo. Ang Espiritu Santo ang tanging pag-asa natin. Panawagan ito na hindi mag-ambag sa kaligtasan kundi buong-buong manangan sa pagkilos ng Diyos.

Noong bata pa ako, nagkaroon ako ng malaking sugat sa may labi at kinakailangang tahiin. Takot ko lang noong tatahiin na ng doktor at kung anu-ano pang dahilan ang sinasabi ko para makaiwas. Hindi kailangan ng doktor ang maiaambag ko sa operasyon. Ang kailangan lang ay mahiga ako, tumahimik, at magtiwala sa kanya. Ganoon ang nais ni Cristo na mangyari sa atin.

Ganito ang nangyari sa akin noong bata pa lang ako. Narinig ko sa Sunday School ang tungkol kay Cristo at nagtiwala ako sa kanya. Hindi ko noon naramdaman na "born again" na pala ko. Tulad ng marami sa inyo na hindi naman ganoon kadramatic ang conversion. Pero alam ko nangyari iyon. Alam ko born again ako. Ganyan kamisteryo ang pagkilos ng Espiritu. Sabi ni Jesus, "Umiihip ang hangin kung saan nito nais at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan pupunta. Ganoon din ang bawat ipinanganak ayon sa Espiritu" (v. 8, MBB). Nagtataka marahil bakit ang kapitbahay mo ilang taon nang binabahaginan ng ebanghelyo, matigas pa rin. Pero ikaw isang beses lang nakarinig, nagtiwala agad kay Cristo. Hindi dahil mas marunong o mas edukado ka sa kanya, kundi dahil sa pagkilos ng Espiritu. Tulad ng hangin, hindi mo nakikita. Pero may ugong, alam mong nangyari.

---

<sup>4</sup> John Murray, *Redemption Accomplished and Applied* (Grand Rapids: Eerdmans, 1955), 99.

Pero misteryoso pa rin. Hindi mo masabi kung bakit sa iyo pumunta ang Espiritu at bakit hanggang ngayon ay wala pa rin sa kapitbahay mo.

Napakamisteryoso at parang hindi kapanipaniwala kaya nga naitanong ni Nicodemo, “Puwede po bang mangyari ang mga bagay na ito?” (v. 9). Sa mga sumusunod na talata sinabi ni Jesus bakit ito ay posible sa Diyos, kahit imposible sa tao.

### **The New Birth is Certain Because of Christ’s Work of Redemption**

Ayon sa verses 11-12, ang problema ni Nicodemo ay hindi dahil sa kakulangan sa pang-unawa. Ang problema niya ay hindi niya tinatanggap, hindi niya pinaniniwalaan ang mga salita ni Jesus. Sa puntong ito hindi pa niya matanggap na ang kaligtasan ay gawa ng Diyos mula sa simula. Hindi pa bukas ang kanyang mata, hindi pa napalitan ang kanyang pusong bato, hindi pa naibaba ang kanyang pagmamataas, wala pa siyang kakayahang tumalikod sa kanyang pagkamakasarily. He was not yet born again. He was not yet a new creation.

At maaaring ang ilan sa inyo ngayon ay katulad pa rin ni Nicodemo. Nais ni Jesus para kay Nicodemo at para sa lahat sa inyo na makilala ninyo kung sino ang ginamit ng Diyos na paraan para maging tiyak ang muling kapanganakan at kaligtasan.

Wala pang umakyat sa langit, maliban sa kanya na bumabang galing sa langit, ang Anak ng Tao. Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan (vv. 13-15).

Makikita ang pangyayaring tinutukoy ni Jesus dito sa Numbers 21. Dahil sa karereklamo ng mga Israelita nagpadala ang Diyos ng maraming ahas. Marami ang namatay. Ang mga natira pang buhay ay nagmakaawa sa Diyos. Sinabi ng Diyos na gumawa si Moises ng ahas na gawa sa tanso at itaas ito at sinumang titingin dito ay gagaling. Dito inihalintulad ni Jesus ang kanyang sarili. Na siya rin ay itataas – tumutukoy sa kanyang kamatayan sa krus, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit. Sinumang titingin sa kanya, sasampalataya at sa kanya lamang aasa para sa kaligtasan ay tiyak na maliligtas. Si Jesus lamang ang tangi mong pag-asa. Magtiwala ka sa kanya. Si Nicodemo nahirapang tanggapin ang sinabi ni Jesus, ngunit maaaring naging tunay siyang “born again” dahil noong namatay si Cristo ay nagbigay siya ng mga sangkap na mamahalin para sa bangkay ni Jesus (19:39). Dalangin ko na ganito rin ang maging tugon mo sa kamatayan ni Jesus sa krus para sa iyo.

Para naman sa inyo na mga “born again” na, huwag ninyong iisipin kahit kailan na mayroon kang naiambag sa iyong kaligtasan. Sumasampalataya ka ngayon at nararanasan ang pagpapala ng Diyos dahil sa ginawa ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo. “To all who did receive him, who believed in his name, he gave the right to become *children of God*, who were *born*, not of blood nor of the will of the flesh nor of

the will of man, but *of God*' (1:12-13). Purihin mo ang Panginoon. Palaging magpasalamat.

Marami sa inyong mga mahal sa buhay ay hindi pa “born again.” Ano ngayon ang sinasabi ng Diyos na gawin ninyo para sila rin ay maging “born again.” Unahin na ninyo ang inyong mga anak. Noong isang araw naisip ko at nasabi ko sa asawa ko, “Nagpapasalamat tayo sa Diyos at idinadalangin na maipanganak ang baby natin. Hindi ba’t dapat din nating ipanalangin, at tiyak na mahalaga, na hindi lamang siya ipanganak kundi maranasan din niya sa kanyang murang gulang pa lang ang new birth?” I hope you will also pray for your children that way, at hindi lang makapag-aral sila sa UP o sa Ateneo.

Unang-una nating kailangan ay ang sinasabi ni Cristo, “You must be born again.” Kung wala ito, following Jesus the Lord of all will not just be hard but impossible. Ngunit kung nasa atin na ang Espiritu, tayo ay nakay Cristo at mga bagong nilalang na, mangyayari ang tulad sa ipinangako ng Diyos sa Ezekiel 36:27, “Bibigyan ko kayo ng aking Espiritu upang makalakad kayo ayon sa aking mga tuntunin at masunod ninyong mabuti ang aking mga utos” (MBB). John Murray said that the new birth is “at the basis of all change in heart and life.”<sup>5</sup> Kaya nga ito ang inuna natin sa mga utos ni Cristo.

---

<sup>5</sup> Murray, *Redemption*, 105.